




PANAWAGAN PARA SA MGA PAPEL AT PANANALIKSIK



daluyan JOURNAL NG WIKANG FILIPINO

Tumatanggap ang UPD Sentro ng Wikang Filipino ng mga papel at pananaliksik para ilathala sa Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, Tomo XXII, 2016. Isang interdisiplinaryong refereed journal ang Daluyan na inilalathala dalawang beses kada akademikong taon. Bilang journal na monolingguwal sa Filipino, pangunahing layunin nito na paunlarin at palawakin ang mga pag-aaral tungkol sa wika, panitikan at kulturang Filipino, at pagyamanin ang saliksik, kaalaman at diskurso sa iba't ibang disiplina gamit ang wikang Filipino.

Sa **15 Abril 2016** ang huling araw ng pagsusumite ng papel at pananaliksik.

Maaaring talakayin ang iba't ibang paksa kaugnay ng:

- wikang pambansa, panunuring pampanitikan, araling kultural, at linggwistiks
- mga wika sa Pilipinas, sistema ng edukasyon, polisiya at patakarang pangwika, pagsasalin, kulturang popular, at mga isyu ng globalisasyon at internasyonal na ugnayan
- iba't ibang disiplina at larangan ng kaisipan, tulad ng mga agham panlipunan, pilosopiya, migrasyon, agham pangkalikasan, mass media, kasarian at seksuwalidad, siyensiya at matematika, ekonomiya, pagpaplanong urban, medisina, batas, arkeoloji, at iba pa

Kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang papel o pananaliksik, elektroniko man o limbag na anyo. Kailangang sagutan ng awtor ang form na makukuha sa SWF na nagpapahayag na ang ambag na artikulo ay hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon.

Binubuo ang papel ng 5,000-7,000 salita (20-40 pahina). Lakipan ang papel ng abstrak at limang susing salita sa Filipino na may salin sa Ingles.

Kinakailangang naka-encode o kompiyuterisado, doble-espasyo, at gumagamit ng font na Times New Roman na may laking 12 puntos. Para sa dokumentasyon, iminumungkahing gamitin ang format na itinatakda ng MLA Seventh Edition.

Isumite ang papel bilang lakip o email attachment (MS Word), sa swf.daluyan@gmail.com. Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, graph, matrix, mapa, at iba pa. Kailangang matukoy ang markang bilang at angkop na caption sa hiwalay na papel. Ibabalik ang anumang biswal na materyal na itinagubiling ibalik ng awtor. Tungkulin ng awtor na kumuha ng permiso sa anumang materyal na may karapatang-ari.

Maglakip ng maikling tala sa sarili na naglalaman ng kasalukuyang akademikong posisyon, digri, kinabibilangang larang, espesyalisasyon, pinakabagong publikasyon, pananaliksik at iba pang mahalagang impormasyon.